2012 ONTARIO BUDGET

Ontario

NEWS RELEASE

MINISTRY of FINANCE

Paghihigpit para sa Ontario

Isang Plano upang Balansihin ang Budget, Lumikha ng mga Trabaho, at Protektahan ang Edukasyon at Health Care

MGA BALITA Marso 27, 2012

Kabilang sa 2012 Ontario Budget ang plano sa pagtanggal ng deficit upang bawasan ang paglaki ng gastos sa programa at limitahan ang mga gastos sa $17.7 bilyon sa susunod na tatlong taon, habang pinalalaki nang $4.4 bilyon ang kita nang hindi itinataas ang mga buwis.

Ito'y seryosong kilos para sa seryosong panahon, at ibinabalik nito ang Ontario sa daan patungo sa pagtanggal ng deficit pagdating ng 2017-18.

Mahigit sa 50 cents ng bawat dolyar na ginagastos ng pamahalaan ng Ontario ang ginagastos para sa suweldo ng mga guro, mga doktor, at ng iba sa mas malawak na pampublikong sektor. Dahil sa malaking paghahamon sa pananalapi na hinaharap ng Probinsiya, ang mga gastos para sa suweldo ay dapat pamahalaan kung nais matugunan ng pamahalaan ang mga target nito sa pananalapi at kung nais nitong protektahan ang mga magandang nakamit nito sa nakaraang walong taon sa edukasyon at health care.

Igagalang ang proseso ng collective bargaining. Sa mga agreement na hindi maaaring mapagkasunduan, alinsunod sa plano na balansihin ang budget at protektahan ang mga serbisyo na may priyoridad, ang pamahalaan ay handang magmungkahi ng kinakailangang pamamahala at lehislatibong paraan.

Balak ng pamahalaan na simulan ang ilang mga hakbang upang gawing mas abot-kaya ang mga pampublikong sektor na pension para sa mga nagbabayad ng buwis, at upang gawin itong sustainable para sa mga miyembro ng plano ng pension, pagkatapos ng pakikipagkonsulta sa mga apektadong stakeholders. Halimbawa, sa mga kaso kung saan ang mga pension ay nasa deficit, maraming mga manggagawa sa pampublikong sektor ang hihilinging magbawas ng benefits sa darating na panahon bago humingi ng mga karagdagang kontribusyon sa pension mula sa mga tagapag-empleyo o sa pamahalaan. Hindi maaapektohan ang mga kasalukuyang retirado.

Iminumungkahi ng 2012 Budget ang paghihigpit upang balansihin ang budget pagdating ng 2017-18, kabilang ang:

…/2

- Pagtitipid ng $4.9 bilyon sa darating na tatlong taon
- Walang pagbabago sa pangkalahatang Corporate Income Tax rate at Business Education Tax rate na mga pagbabawas hanggang nabalanse ang budget
- Gawing hanggang 3,000 kWh bawat buwan ang Ontario Clean Energy Benefit
- Pagbabago sa programa ng Ontario Drug Benefit upang magbayad ang humigit-kumulang sa limang porsiyento ng seniors — ang mga may pinakamataas na kinikita — ng mas malaking bahagi ng kanilang mga gastos sa de-resetang gamot
- Paninigurado na mas marami ang masasakop ng Ontario user fees sa gastos ng pamamahagi ng mga programa at mga serbisyo
- Pagpapahaba ng panahon ng hindi pagtaas ng suweldo para sa mga MPP para sa karagdagang dalawang taon — para sa limang taon sa kabuuan
- Pagpapahaba ng panahon ng hindi pagtaas ng suweldo para sa mga executive sa mga ospital, mga unibersidad, mga kolehiyo, mga school board at mga ahensiya para sa karagdagang dalawang taon.

Ang deficit para sa 2011–12 ay ipinapalagay sa $15.3 billion — mas mababâ nang $1 billyon kaysa sa forecast noong nakaraang taon at 38 porsiyento na mas mahusay mula sa 2009–10 deficit forecast noong fall 2009. Kung wala nitong mga paghihigpit na inanunsyo sa 2012 Budget, ang deficit ng Ontario ay aabot ng $25 bilyon sa 2014–15. Sa halip nito, ipinapalagay na ito'y magiging $10.7 bilyon sa fiscal year na iyon.

Patuloy na magbibigay-diin ang pamahalaan sa mga priyoridad nito upang patuloy na palakasin ang ekonomiya at hikayatin ang paggawa ng trabaho.

Mga Trabaho at Kayamanan

Upang tumulong na magtayo ng malakas at diversified na Ontario na nagbibigay-kakayahan sa negosyo na mamuhunan sa inobasyon, pahusayin ang productivity at maging mas kompetitibo sa mundo, gagawin ng pamahalaan ang sumusunod:

- Pagsasamahin ang maraming mga programa sa pagsuporta ng negosyo upang gawin itong isang Jobs and Prosperity Fund na magbibigay-diin sa paglago ng productivity at paglikha ng trabaho, habang nagtitipid sa pangkalahatan ng $250 milyon sa 2014–15
- Magtatatag ng multi-stakeholder Jobs and Prosperity Council upang payuhan ang pamahalaan sa isang plano na pahusayin ang productivity ng Ontario, at mamuno ng research agenda sa productivity at inobasyon ng Ontario
- Iba-ibahin ang mga export ng Ontario sa mga humuhusay na ekonomiya sa pamamagitan ng pag-streamline at pagsasaayos ng mga aktibidad ng mga may kinalamang ministri upang itaguyod ang pangangalakal

Kaalaman at mga Kakayahan

Patuloy na gagamitin ng pamahalaan ang plano nito na magkaroon ng pinaka-edukadong mga manggagawa sa mundo upang masigurado ang kayamanan sa darating na panahon sa isang ekonomiyang nababatay sa kaalaman sa pamamagitan ng:

- Lubos na pagsasagawa ng buong araw na kindergarten pagdating ng Setyembre 2014
- Pagpapanatili ng kalakihan ng klase sa mga unang grado sa eskwelahan
- Pagpapatuloy na magbigay ng 30% Off sa Ontario tuition grant para sa mga kwalipikadong full-time na undergraduate na estudyante sa unibersidad at kolehiyo
- Patuloy na paglagay ng mga training na programa sa pamahalaan upang mas makatugon sila sa kasalukuyang job market.

Pagbabago sa Health Care

Gagawing batayan ng pamahalaan ang Action Plan for Health Care ng Ontario upang lumikha ng isang sustainable at mahusay na sistema ng health care sa pamamagitan ng:

- Pagbabago sa health care upang bawasan ang bilis ng paglaki ng gastos at gawin itong 2.1 porsiyento sa pangkalahatan bawat taon para sa susunod na tatlong taon
- Pagpapahusay sa community-based na pangangalaga upang maalagaan ang mga pasyente sa mga alternatibong lugar tulad ng non-profit na mga klinika at sa bahay sa halip na sa mga ospital, kung saan naaangkop
- Paglipat sa mga modelo ng pagpopondo na nakasentro sa pasyente, upang pahusayin ang kahalagahan at kalidad ng pangangalaga.

ANO ANG MGA SINASABI NG IBA

“Ginagawa namin ang mga tamang desisyon upang masigurado na natatanggap ng mga pamilya sa Ontario ang pinakamahusay na mga serbisyo at pinakamainam na makukuha nila sa ibinabayad nilang tax. Lahat tayo ay may tungkulin sa pagbalanse ng budget."
- Dwight Duncan, Minister ng Pananalapi

“Ang pagtatag ng mas malakas na Ontario ay nangangailangan ng paghihigpit. Gagawin natin ang mga tamang desisyon upang protektahan ang ating mga nakamit nang sama-sama. Kapag ginawa natin ang mga desisyon na ito, pipiliin natin ang pagprotekta sa edukasyon at health care — bawat beses.”
- Dwight Duncan, Minister ng Pananalapi

MGA BUOD

- Bilang resulta ng mga hakbang na iminungkahi sa 2012 Budget, ang naipon na deficit ng Ontario ay magiging mas mababâ nang $22.1 bilyon kaysa sa 2014–15 kapag walang ginawa.
- Para sa bawat dolyar sa bagong kinikita na nakasulat sa 2012 Budget, may apat na dolyar ng pagtitipid at pagbabawas ng gastos.
- Ang mga hakbang upang bawasan ng $17.7 bilyon sa kabuuan ang paggastos ng programa sa darating na tatlong taon, kumpara sa kung ano sana dapat ito, ay ang mga sumusunod:

…/4

    - $4.9 bilyon sa mga nakaplanong pagtitipid mula sa pagtanggal ng overlap at pagdodoble-doble, pagsasagawa ng mas mahusay na delivery models at pagbigay-pansin sa core business.
    - $6 bilyon sa gagawing hindi pagdagdag ng pamahalaan sa perang ibinibigay sa mga school board, mga ibinabayad sa doktor at mga empleyado ng pampublikong sektor
    - $6.8 bilyon sa pagtipid sa mga gastos sa mas malawak na pampublikong sektor.
- Ang ekonomiya ng Ontario ay isinasaalang-alang na lumaki nang 1.7 porsiyento sa 2012, 2.2 porsiyento sa 2013 at 2.4 porsiyento sa 2014.
- Noong 2011, mahigit sa 121,000 trabaho ang nilikha sa Ontario — ang full-time na trabaho ay tumaas nang 123,400.
- Ang gastos ng pagserbisyo sa utang ng Ontario ay humigit-kumulang sa $10 bilyon, at ito ang pangatlong pinakamalaking taunang gastos, pagkatapos ng health care at edukasyon. Kapag ikinumpara ito, mas malaki ang ginagastos ng Ontario sa interest bawat taon kaysa sa mga kolehiyo at mga unibersidad.
- Para sa bawat isang porsiyento na pagtaas sa interest rates, ang gastos sa pagbayad sa utang ay tumataas nang $467 milyon sa unang taon ng pagtaas. Kung walang gagawin upang balansihin ang budget, ang gagastusin ng Ontario para sa utang sa 2017-18 ay halos magiging kapareho ng binabayaran nito ngayon para sa edukasyon.
- Sa Pebrero 2012, iminungkahi ng Conference Board of Canada na kung walang gagawin upang kontrolahin ang paggastos, ang deficit ng Ontario ay maaaring umabot ng $16 bilyon pagdating ng 2017–18. Gamit ang mga katulad na pagpapalagay, ayon sa Commission on the Reform of Ontario's Public Services, ang deficit ay maaaring umabot ng $30 bilyon.
- Sa 2011–12, ang per capita program spending ng Ontario ay ipinapalagay sa $8,560. Ito ang pinakamababâ sa mga probinsiya at mas mababâ ng 11 porsiyento sa pangkalahatan na ginagastos sa ibang siyam na mga pamahalaan ng mga probinsiya.
- Ipinamamahagi ng Ontario ang mga serbisyo ng pamahalaan sa pinakamababang bilang per capita ng mga pamprobinsiyang empleyado ng pampublikong sektor.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Basahin ang 2012 Ontario Budget.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga hakbang na ginagawa ng Ontario upang mapamahalaan ang gastos.

Basahin ang background na impormasyon sa 2012 Ontario Budget:

- Ang Economic Outlook at Fiscal Plan ng Ontario
- Pagsusuweldo sa Pampublikong Sektor
- Pagbalanse ng Budget
- Isang Makatarungan at Mahusay na Sistema para sa Gamot

Basahin ang highlights ng 2012 Ontario Budget.

- 30 -

PARA SA MGA KATANUNGAN NG MEDIA LAMANG:
Aly Vitunski, Opisina ng Miniister, 416-325-9819
Scott Blodgett, Ministri ng Finance, 416-325-0324

PARA SA MGA KATANUNGAN NG PUBLIKO, TUMAWAG SA:
1-800-337-7222
TTY: 1-800-263-7776

ontario.ca/finance-news
Tagalog

…/6